

Paghahanda at Balidasyon ng *Strategic Intervention Material* (SIM) Para sa Paglinang ng Kasanayan sa Mapanuring Pagbasa (Development and Validation of *Strategic Intervention Material* (SIM) to Develop Critical Reading Skills)

EDSEL D. ASPILLAGA

<http://orcid.org/0000-0003-2864-197X>

edseldarayaspillaga@gmail.com

Adlay National High School

Surigao Del Sur, Philippines

***Grammar Test:* 97/100**

***Originality:* 99/100**

***Gunning Fog Index:* 18.85**

***Flesch Reading Ease:* 14.63**



ABSTRACT

This study focused on the development and validation of *Strategic Intervention Material* (SIM) to develop student's critical reading skills. It aimed to answer the following questions: What are the topics and activities to be included in the *Strategic Intervention Material* (SIM)?; What is the level of validation on activities and formulation in the *Strategic Intervention Material* (SIM) based on the perception of the pool of experts, teachers, and students?; Is there a significant difference/s on the validation of the pool of experts, teachers, and students? This quantitative study employed a descriptive research method. Standardized

questionnaire was used to gather data from the respondents. The results of the study revealed that the *Strategic Intervention Material (SIM)* were appropriate and effective to develop critical reading skills of the Grade-7 students in Filipino subject. This indicates that development and validation of instructional materials like *Strategic Intervention Material (SIM)* is very important to answer the call for the need of instructional materials that helps students develop their reading skills and for effective learning to happen.

Keywords: *Critical reading, strategic intervention material (SIM), developmental-descriptive, Philippines*

INTRODUKSIYON

Isa sa mga pangunahing pangangailangan sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto ay ang kagamitang pampagtuturo. Ang *Strategic Intervention Material* o SIM ay isang kagamitan na angkop sa pagtuturo sa kakayahan at pangangailangan ng mga mag-aaral. Ito ay lubos na nakatutulong upang ganap na mailipat ang kaalamang itinuturo sa mga mag-aaral. Itinuturing din itong makabagong interbensiyon na nagpapahintulot sa bawat mag-aaral na matuto sa kanyang sariling bilis at sadyang nababagay sa kanyang natatanging pangangailangan, kakayahan at interes. Binubuo ito ng limang bahagi: ang **Guide Card** (*Pamatnubay*), **Activity Card** (*Mga Pagsubok*), **Assessment Card** (*Pagtataya*), **Enrichment Card** (*Pagpapalawak*), at **Reference Card** (*Sanggunian*). Ang kagamitang ito ay nakatutulong sa mga mag-aaral lalo na ng kasalukuyang kurikulum na magtataglay ng kahusayan, kaalaman at angkop na kamalayan sa pagsasagawa ng mapanuring paghuhusga sa kagandahan at sining ng isang babasahin.

Ayon kay Cruz (2009), ang paghahanda at pagdebelop ng kagamitang pampagtuturo tulad ng *Strategic Intervention Material (SIM)* ay nakatutulong sa guro upang maipahatid ang mga kaalaman, saloobin, palagay at pagpapahalaga sa mga mag-aaral na makatutulong upang maging higit na konkreto, tunay, daynamik at ganap na pagkatuto sa panig ng mga mag-aaral. Magsisilbi itong kit para sa sariling pagkatuto ng mga mag-aaral sapagkat nagtataglay ito ng mga gawaing pampagkatuto na dapat matugunan ng mga mag-aaral (Lardizabal, 2008). Ito ay isang mahalagang elemento sa kurikulum at kadalasa'y itinuturing na pinakamatibay at buhay na ebidensiya maging ito man ay kagamitang komersyal o ginawa ng guro (Russel, 2008). Totoong maraming ginagampanan ang isang kagamitang pampagtuturo (Remillard & Heck, 2014). Nagsilbi itong hanguan ng mga gawain na magagamit sa pagsasanay ng mga kasanayang nilalayong linangin sa panig ng mga mag-aaral. Maaaring gamitin ding reperensiya ng

mga mag-aaral sa larangan ng gramatika, bokabularyo, pronunsasyon at iba pa. Maaari ring gamitin ng guro bilang hanguan ng mga ideya para sa mga gawaing pangklase. Nagsilbi din itong silabus kung saan makikita ang mga layuning ninanais linangin at nagiging daan din ito para magkaroon ng tiwala sa sarili ang mga guro lalo na iyong mga baguhan pa lamang sa larangan dahil ito ang nagsilbing gabay sa kanilang pagtuturo.

Sa isinagawang pagtataya sa *Philippine Informal Reading Inventory* (Phil-IRI), nabatid na kadalasan sa mga mag-aaral ng Grade 7 sa Adlay National High School ay kulang sa pag-unawa sa tekstong binasa o mababa ang kasanayan sa mapanuring pagbasa. Sa pagbigkas ng salita o “word recognition”, naitatalang **80%** (139/174) na mag-aaral ay napapabilang sa *independent level*. Ibig sabihin karamihan sa mga mag-aaral ay nakabibigkas ng maayos ng mga salita mula sa tekstong binasa. Ngunit pagdating sa komprehensiyon, **51%** (88/174) lamang ng mga mag-aaral mula sa kabuuang bilang ay napapabilang sa *independent level*. Isa ito sa mga problemang kinakaharap sa panig ng mga guro na talagang nangangailangan ng agarang aksiyon tungo sa mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral. Nabatid din ang kakulangan ng mga guro sa paghahanda at pagdebelop ng mga kagamitang pampagtuturo sa kadahilanang kulang sa oras at panahon at mas naka-pokus sila sa iba pang gawaing nauugnay sa pagtuturo. Bilang isa sa mga gurong nakakaharap ng ganitong uri ng suliranin, mahirap maisakatuparan ang iba’t ibang kasanayan na isinasaad sa gabay pangkurikulum o *Curriculum Guide* ng asignatura lalo na kung ang mga mag-aaral ay hindi nakauunawa sa tekstong binasa. Bagamat nakabibigkas ng mga salita ang mga mag-aaral na ito ngunit maituturing pa ring “*non-reader*” ang higit sa kalahating kabuuang bilang ng mga mag-aaral na ito sapagkat ayon kay Adekeye (2013), hindi sapat na nakabibigkas lamang ang tao ng mga salita, bagkus nauunawaan at naiintindihan niya ang nais ipahiwatig ng tekstong binas.

Ang paghahanda at balidasyon ng kagamitang pampagtuturo tulad ng isang *Strategic Intervention Material* (SIM) para sa paglinang ng kasanayan sa mapanuring pagbasa ay tunay na napakahalaga. Sa *Strategic Intervention Material* (SIM), nakakamit ng mga mag-aaral ang nilalayong mithiing mga kaalaman at mga kasanayan sa larangan ng Filipino na makatutulong sa paghubog ng kanilang pagkatao. Habang nililinang nito ang kasanayan sa mapanuring pagbasa, nalilintang rin nito ang iba’t ibang kasanayan tulad ng kolaborasyon (*collaboration*), komunikasyon (*communication*), mapanuring pag-iisip (*critical thinking*), at malikhaing pag-iisip (*creative thinking*) na siyang isinasaad ng 4C’s ng makabagong kurikulum. Sa pag-aaral ring ito ay matutulungan ang mga gurong nasa larangan ng pagtuturo sa pagpapaunlad at paglinang ng kasanayan ng kanilang mga mag-aaral at maging higit na sistematiko ang kanilang pagtuturo. Maging daan sa mga mag-aaral na malinang at mapaunlad

ang kanilang pagbasa. Tunay na mahalaga ang pag-aaral na ito lalo na sa mga paaralang may kakulangan sa mga angkop at napapanahong kagamitan tulad na lamang ng libro lalo na sa mga pampublikong paaralan, tulad na lamang ng paaralang pinaglilingkuran ng mananaliksik.

BATAYANG KONSEPTWAL

Ang nabuong *Strategic Intervention Material* (SIM) na ito ay nagsisilbing kit para sa pagkatuto ng mga mag-aaral para malinang ang kasanayan sa mapanuring pagbasa na isa sa mga kasanayang dapat malinang batay sa Gabay Pangkurikulum (*Curriculum Guide*) ng programang K to 12 na noon pa man mapapansing nakatala rin ito sa kasanayang dapat linangin sa BEC 2008. Isinasaad sa DepED Order No. 53, s. 2016 na pinamagatang *Lifting of the Moratorium on the Supplementary Reading, Reference, and other Instructional Materials and the Approach List of the Supplementary Reading Materials*. Alinsunod din ito sa *differentiated instruction at contextualization* sa DepED Order No. 42, s. 2016 at batay sa nakasaad sa balangkas ng ika-21 siglong kasanayan.

Ang mga konseptong nabanggit ay nagbigay linaw na totoong kinakailangan ang paghahanda ng isang balidong kagamitang pampagtuturo tulad ng *Strategic Intervention Material* (SIM) upang maisakatuparan ang pangangailangan na malinang ang kasanayan sa mapanuring pagbasa ng mga mag-aaral. Kinakailangan din ang paghahanda ng isang kagamitang pampagtuturo tungo sa epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa isinasaad sa *differentiated instruction at kontekstwalisasyon*. Nagsilbi rin itong daan upang ang mga mag-aaral ay matuto ng naaayon sa kanilang bilis at kakayahan.

Makikita sa Figyur 2 ang tatlong kahon na naglalaman ng proseso o hakbang sa pagsasagawa ng pag-aaral na ito. Mapapansin ang isang malaking itim na hugis palaso na nagsilbing direksiyon kung ano ang una hanggang sa huling hakbang ng kasalukuyang pag-aaral. Bagamat, ang mga kulay na makikita sa bawat kahon ay walang kabuluhan at walang ipinahihiwatig na kahulugan hinggil sa isinagawang pag-aaral.

Ang unang kahon na may kulay dilaw ay patungkol sa *paghahanda*. Saklaw nito ang mga paksa at mga gawaing angkop sa ginawang kagamitang pampagtuturo. Sa hakbang na ito, minabuting ipinasuri ng mananaliksik ang *Strategic Intervention Material* (SIM) na idenibelop sa mga eksperto sapagkat di natin maipagkakaila na mayroon silang taglay na kaalaman kung ano ang magiging anyo at dapat na maging laman ng kagamitang pampagtuturo. Nagkaroon ng rebisyon ng *Strategic Intervention Material* (SIM) batay sa mga suhustiyon o puna mula sa mga eksperto na nagsilbing tagasuri ng kagamitang pampagtuturo.

Suliranin ng Pag-aaral

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay paghahanda at balidasyon ng *Strategic Intervention Material* (SIM) na lilingang sa kasanayan sa mapanuring pagbasa na itinaya sa mga mag-aaral sa Grade 7 ng Adlay National High School.

Upang maisakatuparan ang nabanggit na layunin, nilalayon din na masasagutan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano-ano ang mga paksa at gawaing nakapaloob sa *Strategic Intervention Material* (SIM)?
2. Ano ang antas ng balidasyon ng mga kasanayang gawain at pormulasyong nakapaloob sa *Strategic Intervention Material* (SIM) batay sa mga eksperto, mga guro at mga mag-aaral?
3. May kaugnayang pagkakaiba ba ang balidasyon ng mga eksperto, mga guro at mga mag-aaral batay sa kasanayang gawain at pormulasyong nakapaloob sa *Strategic Intervention Material* (SIM)?

METODOLOHIYA

Disenyo ng Pag-aaral

Sa pag-aaral na ito ay ginamit ng mananaliksik ang deskriptibong uri ng pananaliksik, isang prosesong naglalayong mangalap, mag-analisa, magklasipika, magtala ng mga datos ukol sa nangingibabaw na kondisyon at pagbibigay ng sapat at wastong interpretasyon. Ito ang angkop na disenyo sa pag-aaral sapagkat ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay paghahanda at balidasyon ng *Strategic Intervention Material* (SIM). Naglalayon din itong matukoy ang kaangkupan at kabisaan nito at kung paano ito makatutulong sa paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral.

Ang pag-aaral na ito ay isang developmental na nasa ilalim ng desinyong nabanggit. Inilarawan nina Seel at Rickey (1994) na ang developmental na pananaliksik ay isang sistematikong pag-aaral ukol sa pagdedesinyo, pagdedebelop at pagtataya ng isang kagamitang pampagtuturo, proseso at produkto na kinakailangang maabot ang pamantayan kaugnay sa pagiging epektibo. Ayon pa rin sa kanila, ito'y tumutukoy sa proseso ng pagbuo ng kagamitang pampagtuturo. Ayon naman kina Heinich et al. (2002), ito'y isang proseso kung saan inaanalisa ang mga pangangailangan, pagtukoy kung anong kaalaman ang kailangang mahasa, pagbuo ng mga layunin, pagdedesinyo ng kagamitang pampagtuturo na tutugon sa mga layunin, pagtataya at pagrerebisa.

Lugar ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Adlay National High School, Adlay, Carrascal, Surigao del Sur. Ito ang natatanging paaralan sa antas sekundarya sa ikalawang distrito ng Carrascal (Carrascal-II District). Ang paaralang ito ay naitatag noong ika-22 ng Pebrero, 1995. Sa unang taon ng pagbubukas nito, ay tig-isang pangkat lamang ang bumubuo sa bawat taon na nang lumaon ay nadagdagan ng nadagdagan. Sa kasalukuyan, binubuo ng tig-apat na seksiyon ang bawat baitang at may kabuuang bilang na pitong daan at pitumpu't siyam (779) na ang mga mag-aaral mula Grade-7 hanggang Grade-12. Binubuo ito ng tatlung guro: dalawampu't anim mula Junior High School at apat sa Senior High School. Naging posible ang agarang pagpapatayo ng mga gusali upang matugunan ang kaukulang bilang mga mag-aaral sa tulong ng iba't ibang *external stakeholders* tulad ng mga minahan at lokal na pamahalaan ng Adlay at ng lokal na pamahalaan ng bayan ng Carrascal.

Mga Kalahok sa Pag-aaral

Sa pagtataya ng kaangkupan ng nilalaman ng *Strategic Intervention Material* (SIM) na inihanda, ginamit bilang respondente ang tatlong mahahalagang kalahok na siyang makapagbibigay ng angkop at kinakailangang impormasyon tungo sa pagpapabuti ng kagamitang pampagtuturong inihanda; ang mga mag-aaral, mga guro at mga eksperto sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo.

Talahanayan 1. Kalahok sa pag-aaral

MGA KALAHOK	BILANG NG MGA KALAHOK
Mag-aaral	130
Mga Guro	2
Mga Eksperto	3
Kabuuhan	135

Binubuo ng isang-daan at tatlung 130 na mga mag-aaral mula sa Grade 7 ang naging pangunahing respondente o kalahok sa pagtataya ng kaangkupang pangnilalaman o kasanayang gawain at pormulasyon ng kagamitang pampagtuturong inihanda. Ang mga mag-aaral na ito ay mula sa apat na seksiyon ng Grade 7 na pinili gamit ang *Complete Enumeration*. Ibig sabihin, sa pagtataya ng inihandang *Strategic Intervention Material* (SIM), gagamitin bilang respondente ng mananaliksik ang lahat ng mga mag-aaral sa Grade 7 na siyang makapagbibigay ng angkop at kinakailangang impormasyon tungo sa pagpapabuti ng kagamitang pampagtuturong inihanda.

Complete Enumeration din ang ginamit sa pagtukoy ng mga respondenteng guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino 7 at gumamit ng *Strategic Intervention Material (SIM)* na inihanda.

Ang mga kalahok na mga eksperto ay pinili gamit ang *purposive sampling* teknik na kung saan mayroon itong pinagbabatayang krayterya at istandard. Ang isang kalahok ay Master Teacher ng Madrid National High School at tagapayo ng pamahayang pangkampus. Espesyalisasyon niya ang Filipino at nakapagtapos ng Master's Degree. Umapila sa iba't ibang pagsasanay hinggil sa pagbuo ng mga kontekstwalisadong kagamitang pampagtuturo sa Filipino. Ang isang kalahok naman na napapabilang sa kategoryang ito ay isang Education Program Supervisor-I (EPS-I) sa Filipino ng Sangay ng Surigao del Sur. Dati siyang nagtuturo sa Cantilan National High School. Isa siya sa mga tagapagsanay sa mga *contextualizer* na naglalayong makabuo ng mga kagamitang pampagtuturo na tutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Isang guro naman sa Filipino ang ikatlong eksperto mula sa Surigao del Sur State University-Cantilan. Nagtapos ng Master's Degree at dumaan sa mga pagsasanay.

Instrumentong Ginamit sa Pag-aaral

Sa pag-aaral na isinagawa, gumamit ng tseklist sa pagtataya ng *Strategic Intervention Material (SIM)*. Ang tseklist na ito ay binuo ng manaliksik at pinagbatayan ang tseklist na ginamit ni Ezguerra (2007) sa kanyang pag-aaral. Ito ay minodipika at may iilang aytem na sinipi tulad ng aytem bilang 6, 9, 11, at 15 mula dito para sa kasanayang gawain. Sinunod ang Likert Scale o Iskalang Likert bilang panukat sa mga naging katanungan ng mga respondent na may mga kaukulang puntos.

Dumaan sa balidasyon ang talatanungang nabuo. Ito ay binago, neribesa at dinebelop batay sa mga puna at suhestiyon ng mga balideytor.

Mga Hakbang sa Pag-aaral

Sa paghahanda at balidasyon ng kagamitang pampagtuturo na *Strategic Intervention Material* o SIM na lilinang sa mapanuring pagbasa ng mag-aaral sa Grade 7, ang mga sumusunod ang ginawang hakbang ng pag-aaral na ibinatay naman sa modelo ni Johnson: Pagdedesinyo, pagdedebelop, pagpapagamit at pag-ebalweyt. Ang mga hakbang na ito ni Johnson ay sinunod at pinagbabatayan ang hakbang sa pagsagawa ng kasalukuyang pag-aaral:

Una, *Paghahanda*. Saklaw ng hakbang na ito ang **pagdedesinyo** at **pagdedebelop** na naayon sa isinaad sa modelo ni Johnson. Sa isinagawang pag-aaral, sinuri muna ang mga babasahing ginamit na naayon sa gabay pangkurikulum ng K to 12 sa Grade 7 at sa kagamitang pangmag-aaral. Ito ang mga akdang ginamit sa pagbuo ng *Strategic Intervention Material* o SIM. Pinag-

isipan din ang naging format at pisikal na kaanyuan ng kagamitan sa hakbang na ito. Pagpili ng angkop na mga litrato/ilustrasyon na siyang isa sa mga makapagbibigay ng kaganyakan sa mambabasa. Kasama sa hakbang na ito ang pag-organisa ng nilalaman ng isinagawang *Strategic Intervention Material* o SIM. Mahalaga na alam kung anong mga espisipikong kasanayan ang dapat bigyan ng higit na atensyon o bibigyang pokus sa ginawang kagamitang pampagtuturo tulad ng *Strategic Intervention Material* (SIM).

Kasali dito ang pagbuo ng burador upang maorganisa ng mabuti ang laman ng kagamitang pampagtuturo. Muling binasa ng mananaliksik ang *Strategic Intervention Material* (SIM) upang masuri at matukoy ang mga kamaliang taglay nito partikular sa grammar o istraktura ng wika at ispeling bago maglimbag ng kopya na ipapasuri sa iba.

Sa hakbang na ito, minabuting ipinasuri ng mananaliksik ang *Strategic Intervention Material* (SIM) na idenibelop sa mga eksperto sapagkat di natin maipagkakaila na mayroon silang taglay na kaalaman kung ano ang magiging anyo at dapat na maging laman ng kagamitang pampagtuturo lalo na 'yong mga gurong nagtuturo ng ganitong asignatura. Dito rin matutukoy kung ano ang dapat alisin o dagdagan tulad halimbawa ng mga pagsasanay o ng buong nilalaman. Muli ring nirebisa ang *Strategic Intervention Material* (SIM) batay sa mga suhustiyon o puna mula sa mga eksperto na nagsilbing tagasuri ng kagamitang pampagtuturo.

Ikalawa, *Balidasyon*. Saklaw ng hakbang na ito ang **pagpapagamit at ebalwasyon** na binanggit rin ni Johnson sa kanyang modelo. Sa hakbang na ito, ipinagamit ang *Strategic Intervention Material* (SIM) sa target na mga mag-aaral upang ma-ebalweyt. Dalawang guro na may tig-dalawang seksiyon ang gumamit ng nabuong kagamitang pampagtuturo sa Filipino 7. Isinagawa ito upang malaman kung naabot ang mga layunin sa pagbuo ng kagamitan. Hihingin ang magiging pidbak ng mga mag-aaral at mga guro hinggil sa nabuong kagamitan. Magaganap ang ebalwasyon ng kagamitang ito matapos gamitin sa loob ng ikalawang kwarter. Ang mga datos na nakalap mula sa mga kalahok na mga mag-aaral, mga guro at mga eksperto ay itinala, inaanalisa at binigyang interpretasyon. Dito malalaman kabisaan at kaangkupan ng kagamitang pampagtuturo na nabuo.

Matapos isinagawa ang mga hakbang na ito sa modelo ni Johnson, nakabuo ng isang *balidong Strategic Intervention Material* (SIM) na lilinang ng kasanayan sa mapanuring pagbasa ng mga mag-aaral sa Grade-7.

Estadistikong Tritment

Upang matamo ang nakapaloob sa pag-aaral na paghahanda at balidasyon ng isang *Strategic Intervention Material* (SIM) para sa paglinang ng kasanayan

sa mapanuring pagbasa, nagsagawa ng ebalwasyon ukol sa ipinagamit na *Strategic Intervention Material* (SIM) sa mga mag-aaral, mga guro at mga eksperto na siyang naging respondente sa nasabing pag-aaral. Ginamit ang pormulang **Weighted Mean** upang mabigyang interpretasyon ang naging resulta ukol sa antas ng balidasyon mula sa pagtatayang isinagawa. Ang pormulang ito ay:

Analysis of Variance o **ANOVA** naman ang pormulang ginamit para matukoy kung may kaugnayang pagkakaiba ba ang balidasyon ng mga eksperto, mga guro at mga mag-aaral batay sa kasanayang gawain at pormulasyong nakapaloob sa *Strategic Intervention Material* (SIM).

RESULTA AT DISKUSYON NG MGA DATOS

Ang mga Paksa at Gawaing Nakapaloob sa *Strategic Intervention Material* (SIM)

Upang matukoy kung anong mga paksa at gawaing ihahanda tungo sa paglinang ng kasanayan sa mapanuring pagbasa ng mga mag-aaral sa Filipino 7, binigyang pansin ang mga kasanayang nakapaloob sa Ikalawang Markahan ng Gabay Pangkurikulum (Curriculum Guide) ng Programang K to 12. Batay sa kinalabasan higit na kinakailangang matugunan ang pagpapabuti sa mapanuring pagbasa sa panitikan ng mga mag-aaral kung saan binigyang pokus ang mga paksang mula sa Kabisayaan.

Sa Talahanayan 2, makikita ang mga paksa, kasanayan at gawaing nakapaloob sa *Strategic Intervention Material* (SIM) na ibinatay sa gabay pangkurikulum (Curriculum Guide). Mapapansing binubuo ang kagamitang pampagtuturong inihanda ng anim na *Strategic Intervention Material* (SIM). Sa ikalawang hanay naman makikita ang iba't ibang *genre* ng panitikan na siyang paksang nakapaloob sa ikalawang markahan. Nagpapahiwatig na magkaiba ang *genreng* nakapaloob sa bawat *Strategic Intervention Material* (SIM).

Mapapansin din sa ikatlong hanay ng talahanayan ang mga *competency code* batay sa gabay pangkurikulum. Ang bawat kasanayang nakapaloob sa mga *code* na ito ang siyang pinagbatayan ng mga gawaing makikita naman sa ikaapat na hanay ng talahanayan. Bagamat ang bawat *Strategic Intervention Material* (SIM) na inihanda ay binubuo ng tig-limang istasyon, tanging Istasyon 2, Istasyon 3, at Istasyon 4 lamang ang may kasanayang gawain sapagkat ang Istasyon 1 ay kakakitaan lamang ng mga layunin at ang Istasyon 5 ay naglalahad lamang ng sanggunian o mga reperensiya.

Batay sa mga batayang impormasyong nakalap ukol sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo, sinimulan ang pagbuo ng *Strategic Intervention Material* (SIM). Ang materyal na inihanda ay naglalaman ng anim na paksa at iba't ibang gawain na lilinang sa mapanuring pagbasa ng mga mag-aaral sa Filipino 7.

Talahanayan 2. Ang mga paksa, kasanayan at gawaing nakapaloob sa *Strategic Intervention Material (SIM)* batay sa gabay pangkurikulum (Curriculum Guide)

SIM	Genre ng Panitikan/ Paksa	Code ng Kasanayan Batay sa Curriculum Guide	Gawain
SIM 1	➤ Awiting-Bayan	<ul style="list-style-type: none"> ✓ F7PN-IIa-b-7 ✓ F7PB-IIa-b-7 ✓ F7PT-IIa-b-7 ✓ F7EP-IIc-d-6 	<ul style="list-style-type: none"> • Istasyon 2 <ul style="list-style-type: none"> ➤ Payabungin Natin ang Talas-alitaan!!! ➤ Basahin at Unawain!!! ➤ Hanapin ang Salita!!! • Istasyon 3 <ul style="list-style-type: none"> ➤ Ano raw??? ➤ Sagot Ko, Paliwanag Ko!!! • Istasyon 4 <ul style="list-style-type: none"> ➤ Sagutan Natin!!!
SIM 2	➤ Alamat	<ul style="list-style-type: none"> ✓ F7PN-IIc-d-8 ✓ F7PB-IIc-d-8 ✓ F7PT-IIc-d-8 	<ul style="list-style-type: none"> • Istasyon 2 <ul style="list-style-type: none"> ➤ Payabungin Natin ang Talas-alitaan!!! ➤ Basahin at Unawain • Istasyon 3 <ul style="list-style-type: none"> ➤ Sariling Interpretasyon ➤ Buohin Mo Ako • Istasyon 4 <ul style="list-style-type: none"> ➤ Sagutin Natin!!!
SIM 3	➤ Dula	<ul style="list-style-type: none"> ✓ F7PN-IIe-f-9 ✓ F7PB-IIe-f-9 ✓ F7PT-IIe-f-9 	<ul style="list-style-type: none"> • Istasyon 2 <ul style="list-style-type: none"> ➤ Payabungin Natin ang Talas-alitaan!!! ➤ Basahin at Unawain • Istasyon 3 <ul style="list-style-type: none"> ➤ Isip-isip • Istasyon 4 <ul style="list-style-type: none"> ➤ Sagutin Natin!!!
SIM 4	➤ Epiko	<ul style="list-style-type: none"> ✓ F7PB-IIg-h-10 ✓ F7PN-IIg-h-10 ✓ F7PT-IIg-h-10 	<ul style="list-style-type: none"> • Istasyon 2 <ul style="list-style-type: none"> ➤ Payabungin Natin ang Talas-alitaan!!! ➤ Basahin at Unawain • Istasyon 3 <ul style="list-style-type: none"> ➤ Isip-isip ➤ Buoin Natin!!! • Istasyon 4 <ul style="list-style-type: none"> ➤ Sagutin Natin!!!
SIM 5	➤ Maikling Kuwento	<ul style="list-style-type: none"> ✓ F7PN-IIi-11 ✓ F7PB-IIi-11 ✓ F7PT-IIi-11 	<ul style="list-style-type: none"> • Istasyon 2 <ul style="list-style-type: none"> ➤ Payabungin Natin ang Talas-alitaan!!! ➤ Basahin at Unawain • Istasyon 3 <ul style="list-style-type: none"> ➤ Isip-isip ➤ Gawin Natin • Istasyon 4 <ul style="list-style-type: none"> ➤ Sagutin Natin!!!

SIM	Genre ng Panitikan/ Paksa	Code ng Kasanayan Batay sa Curriculum Guide	Gawain
SIM 6	➤ Pabula	<ul style="list-style-type: none"> ✓ F7PN-Ic-d-2 ✓ F7PB-Ic-d-2 ✓ F7PT-Ic-d-2 	<ul style="list-style-type: none"> • Istasyon 2 <ul style="list-style-type: none"> ➤ Payabungin Natin ang Talasalitaan!!! ➤ Basahin at Unawain • Istasyon 3 <ul style="list-style-type: none"> ➤ Isip-isip • Istasyon 4 <ul style="list-style-type: none"> ➤ Sagutin Natin!!!

Sa kagamitang nabuo, ang Istasyon 1 ay tinatawag na *Pamatnubay* na bahagi ng *Strategic Intervention Material* (SIM). Tuwirang inilahad dito ang mga layunin at dapat taglayin ng isang mabuting mag-aaral hanggang sa pagkatapos ng paksang pag-aaralan. Sa Istasyon 2 o tinatawag na *Mga Pagsubok* naman nakapaloob ang mga gawain sa pagganyak ng makatutulong upang pukawin ang interes ng mga mag-aaral. Bahagi nito ang pagpapalawak sa talasalitaan na tutulong sa paglinang ng bokabularyo ng mga mag-aaral. Dito rin makikita ang tekstong babasahin. Ang Istasyon 3 o *Pagtataya* naman nakalahad ang mga gawaing susukat sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa tekstong binasa. Ang Istasyon 4 o *Pagpapalawak* ay naglalahad ng gawaing tutulong upang mapalawak at malinang pa ang kasanayang lilingin. May kinalaman sa pagbubuod at pagtukoy pinakamahalagang nilalaman ng akda ang gawaing nakapaloob dito. Ang huling istasyon o *Sanggunian* naman ay kakakitaan ng mga pinagkunan o reperensiyang nakakatulong sa pagbuo ng *Strategic Intervention Material* (SIM).

Tunay na malaki ang ginagampanan ng mga kagamitang pampagtuturo sa pang-araw-araw na paglalahad ng kaalaman ng guro kaugnay sa partikular na aralin sa kanyang mga mag-aaral. Layunin din nitong malinang ang kasanayan sa mapanuring pagbasa na siya ring binigyang pokus ni Garcia (2009) sa kanyang pag-aaral ukol sa paggamit ng modyul ng mga mag-aaral sa Unang Taon sa antas sekundarya.

Tulad ni Rowntree (2009), ang mananaliksik ay naniniwalang may mga tungkulin ang guro sa pang-araw-araw na pagtuturo ang nagagampanan din ng isang kagamitang pampagtuturo. Dagdag pa niya, nagagawang pukawin nito ang interes ng mga mag-aaral, nakapagbabalik-aral sa mga araling kinakailangang tumatak sa mga isipan ng mga mag-aaral, nakapaglalahad sa kung ano ba ang mga kaalamang matutuhan ng mga mag-aaral matapos na gamitin ang kagamitang pampagtuturo, naipaliliwanag ang mga maahalagang impormasyong nilalayong matutuhan ng mga mag-aaral, nagagawang iugnay ang mga dating kaalaman sa mga bagong kaalamang inilahad, napupukaw ang interes ng mga bata na mag-isip kaugnay sa bagong kaalamang inilahad,

nakapagbibigay din ito ng fdbak sa kung ano ang proseso sa pagkatutong nagaganap sa panig ng mga mag-aaral, nahihikayat din ang mga mag-aaral na pagyamanin pa ang kanilang kaalaman o kasanayang nilalayong linangin sa pamamagitan ng mga pagsasanay at natutulungan ang mga mag-aaral na mapabuti ang mga ginagawa.

Ang Antas ng Balidasyon ng mga Kasanayang Gawain at Pormulasyong Nakapaloob sa *Strategic Intervention Material (SIM)* Batay sa mga Eksperto, mga Guro at mga Mag-aaral

Matapos mabuo ang kagamitang pagtuturong inihanda, nirebisa ito batay sa suhestiyon ng mga ekspertong sumuri dito. Matapos ang ginawang rebisyon binasa itong muli upang maiwasan ang mga pagkakamali partikular sa maling pagbabaybay, bantas, espasyo at marami pang iba. Sa pagtatapos ng masinsinang pagsusuri, isinagawa ang produksiyon ng kagamitan at itinaya ito sa tatlong pangkat ng mga kalahok.

Sa pagtatayang isinagawa, gumamit ng Likert Scale na binubuo ng limang (5) iskala para sa panig ng mga mag-aaral, mga guro at mga eksperto. Ang bilang na lima (5) ay nangangahulugang Lubusang Sumasang-ayon, apat (4) ay Sumasang-ayon, tatlo (3) ay Bahagyang Sumasang-ayon, dalawa (2) Hindi Sumasang-ayon, at isa (1) Hinding-hindi Sumasang-ayon na matutunghayan sa talatanungang ginamit.

Talahanayan 3. Antas ng balidasyon sa kasanayang gawain at pormulasyon ng *Strategic Intervention Material (SIM)*

Krayterya at Aytem	Eksperto	Guro	Mag-aaral	Kabuuan	Interpretasyon
	Mean				
Kasanayang Gawain					
1	4.89	5.00	4.31	4.73	Lubusang Sumasang-ayon
2	4.61	4.75	4.18	4.51	Lubusang Sumasang-ayon
3	4.95	4.75	4.27	4.66	Lubusang Sumasang-ayon
4	4.67	4.92	4.17	4.59	Lubusang Sumasang-ayon
5	4.61	4.83	4.19	4.54	Lubusang Sumasang-ayon
6	5.00	4.75	4.31	4.69	Lubusang Sumasang-ayon
7	4.72	4.75	4.06	4.51	Lubusang Sumasang-ayon
8	4.95	4.92	4.15	4.67	Lubusang Sumasang-ayon
9	4.89	4.83	4.27	4.66	Lubusang Sumasang-ayon
10	4.95	4.75	4.32	4.67	Lubusang Sumasang-ayon
11	4.89	4.58	4.20	4.56	Lubusang Sumasang-ayon

Krayterya at Aytem	Eksperto	Guro	Mag-aaral	Kabuuang	Interpretasyon
	Mean				
Kasanayang Gawain					
12	5.00	4.92	4.30	4.74	Lubusang Sumasang-ayon
13	4.89	4.92	4.21	4.67	Lubusang Sumasang-ayon
14	5.00	5.00	4.32	4.77	Lubusang Sumasang-ayon
15	4.56	5.00	3.95	4.50	Lubusang Sumasang-ayon
16	4.67	4.83	4.12	4.54	Lubusang Sumasang-ayon
17	4.95	4.75	4.25	4.65	Lubusang Sumasang-ayon
18	5.00	4.92	4.22	4.71	Lubusang Sumasang-ayon
19	4.50	4.67	4.18	4.45	Sumasang-ayon
20	4.56	4.75	4.36	4.56	Lubusang Sumasang-ayon
Subtotal Mean	4.56	4.75	4.36	4.56	Lubusang Sumasang-ayon
Pormulasyon					
1	4.65	5.00	4.37	4.67	Lubusang Sumasang-ayon
2	5.00	4.83	4.35	4.73	Lubusang Sumasang-ayon
3	5.00	4.83	4.14	4.66	Lubusang Sumasang-ayon
4	4.67	5.00	4.26	4.64	Lubusang Sumasang-ayon
5	4.56	4.58	4.12	4.42	Sumasang-ayon
6	4.89	4.75	4.21	4.62	Lubusang Sumasang-ayon
7	5.00	4.83	4.28	4.70	Lubusang Sumasang-ayon
8	5.00	5.00	4.14	4.71	Lubusang Sumasang-ayon
9	5.00	5.00	4.29	4.76	Lubusang Sumasang-ayon
10	5.00	4.75	4.30	4.68	Lubusang Sumasang-ayon
Subtotal Mean	4.88	4.86	4.25	4.66	Lubusang Sumasang-ayon
Over-all Mean	4.85	4.84	4.23	4.64	Lubusang Sumasang-ayon

Sa Talahanayang 3, makikita ang naging fdbak ng mga eksperto, mga guro at mga mag-aaral ukol sa balidasyon ng *Strategic Intervention Material (SIM)*. Mapapansin mula sa talatanungang ginamit na ang pagtatayang ito ay nakabatay sa dalawang krayterya. Ito ang Kasanayang Gawain na may dalawampung (20) aytem at Pormulasyon na may sampung (10) aytem.

Mula sa dalawampung (20) aytem ng unang bahagi na Kasanayang Gawain ng talahanayang ito, matutunghayang ang mga kalahok na mga eksperto ay mayroong *subtotal mean* na **4.81**, sa mga guro naman ay mayroong *mean* na

4.75 at **4.36** sa panig ng mga mag-aaral. Sa kabuuan, ang kasanayang gawain ay mayroong *weighted mean* na **4.56** at ang naging interpretasyon ay *Lubusang Sumasang-ayon*.

Sa ikalawang bahagi naman na tinatawag na pormulasyon na binubuo ng sampung (10) aytem, mapapansing ang *subtotal mean* sa panig ng mga eksperto ay 4.88, sa mga gurong kalahok naman ay 4.86 at 4.25 sa mga mag-aaral. Ang kabuuang *mean* para sa pormulasyon ay **4.66** na kung saan ang interpretasyon ay *Lubusang Sumasang-ayon*.

Mula sa pinagsamang *mean* ng dalawang krayterya na kasanayang gawain at pormulasyon, ang naging *mean* para sa mga kalahok na eksperto ay **4.85**, sa mga guro naman ay **4.84** at sa mga mag-aaral ay **4.23**. Sa kabuuan ang *weighted mean* mula sa mula sa dalawang krayterya ay **4.64** na kung saan ang kabuuang interpretasyon ay *Lubusang Sumasang-ayon*.

Sa mga datos na nakalap ukol sa balidasyong ito, masasabing ang mga kalahok na mga eksperto, mga guro at mga mag-aaral ay lubusang sumasang-ayon na ang *Strategic Intervention Material* (SIM) na nabuo ay akma at epektibong gamitin para sa mga mag-aaral ng Grade-7. Napatutunayang ang suplementaryong kagamitang ito ay lubos na nakatutulong sa paglinang ng komprehensiyon ng mga mag-aaral mula sa iba't ibang teksto. Nagpapatunay rin ito na nakamit ng mga mag-aaral ang layuning pampagkatutong isinasaad ng Gabay Pangkurikulum ng kasalukuyang programa sa larangan ng sistema ng edukasyon sa bansa.

Ang naging kinalabasan ng balidasyong ito ay may kaugnayan sa pag-aaral ni Todd (2012) hinggil sa paghahanda at balidasyon ng modyul para sa mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral sa antas tersarya. Napatunayan sa kanyang pag-aaral na nakamit ng mga mag-aaral ang mga layuning pampagkatutong isinaad sa kanilang silabus gamit ang kagamitang pampagtuturo na modyul. Naglahad naman si Innocencio (2014) ng mga gawain sa kanyang pag-aaral na maaaring gamitin tungo sa paglinang ng kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral na ang lunsaran ay literatura tulad ng binigyang pokus sa kasalukuyang pag-aaral. Ngunit ayon kay Garcia (2009) kinakailangan pa rin ang mga guro upang maging gabay ng mga mag-aaral para sa paggamit ng modyul tungo sa pagtatamo ng mga layuning ninanais matamo sa panig ng mga mag-aaral na gagamit nito.

Kaugnayang Pagkakaiba ng Balidasyon ng mga Esperto, mga Guro at mga Mag-aaral Batay sa Kasanayang Gawain at Pormulasyong Nakapaloob sa Strategic Intervention Material (SIM).

Talahanayan 4. Kaugnayang pagkakaiba ng balidasyon ng mga eksperto, mga guro at mga mag-aaral batay sa kasanayang gawain at pormulasyong nakapaloob sa *Strategic Intervention Material (SIM)* gamit ang One-way ANOVA (*Analysis of Variance*)

Sources of Variation	computed <i>f</i>	P-value	Decision	Conclusion
Balidasyon ng mga eksperto, mga guro at mga mag-aaral batay sa Kasanayang Gawaing nakapaloob sa <i>Strategic Intervention Material (SIM)</i> .	132.83	0.000	Reject null hypothesis	Highly Significant
Balidasyon ng mga eksperto, mga guro at mga mag-aaral batay sa Pormulasyong nakapaloob sa <i>Strategic Intervention Material (SIM)</i> .	64.15	0.000	Reject null hypothesis	Highly Significant

Malinaw na ipinakita ng Talahanayan 4 na halos walang pagkakaiba ang naging tugon ng tatlong pangkat ng mga kalahok. Inilahad na mula sa balidasyon ng mga eksperto, mga guro at mga mag-aaral batay sa **Kasanayang Gawaing** nakapaloob sa *Strategic Intervention Material (SIM)*, mayroon lamang itong 132.83 na *computed f* at ang naging *P-value* sa pinagmulan ng varyasyong ito ay 0.000. *Reject null hypothesis* ang naging desisyon at ang naging konklusyon sa kategoryang ito ay *Highly Significant*.

Matutunghayan din ang naging balidasyon ukol sa mga eksperto, mga guro at mga mag-aaral batay sa **Pormulasyong** nakapaloob sa *Strategic Intervention Material (SIM)* na makikita sa huling hanay. Ang *computed f* sa kategoryang ito ay 64.15 at ang *P-value* ay 0.000 pa rin. *Reject null hypothesis* ang naging desisyon at ang naging konklusyon sa kategoryang ito ay *Highly Significant*.

Highly Significant ang naging kongklusiyon sa dalawang kategorya na pinagmulan ng datos sapagkat ito ay parehong may *P-value* na 0.000 na mas mababa sa 0.05 na antas.

Gayunpaman, ipinahihiwatig ng mga datos sa talahanayang ito na malaki ang kahalagahan ng kagamitang pampagtuturo sa larangan ng edukasyon upang malinang ang kasanayang lilinganin. Higit sa lahat, ito ay isang

implikasyon na talagang angkop sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral ang kagamitang nabuo.

Ang mga pahayag na nabanggit ay kaugnay sa ideyang isinasaad ni Sayaboc (2015) na mahalaga ang pagkakaroon ng kagamitang pampagtuturo na kung saan mahusay na nailapat ang integrasyon ng pagtuturo. Dagdag naman ni Alejo (2011), na ang pagkakaroon ng isang epektibong kagamitan ay isang hakbang tungo sa pagtamo ng kaalaman. Ito rin ay isang mahalagang elemento sa kurikulum at kadalasa'y itinuturing na pinakamatibay at buhay na ebidensiya tungo sa paghatid ng kaalaman sa mga mag-aaral (Russel, 2008).

Kaya, puspusan ang ginawang hakbang ngayon ng kagawaran ng edukasyon upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral. Upang maisakatupan ang pagtugon sa mga pangangailangang ito, hinihikayat ang bawat isa na makagawa at makapagprodyus ng isang akma at epektibong kagamitan. Ito ay alinsunod sa tinaguriang *differentiated instruction at contextualization* sa DepED Order No. 42, s. 2016 at upang matugunan ang paglinang sa kasanayan sa mapanuring pagbasa na isinasaad sa ika-21 siglong kasanayan.

KONKLUSYON

Ang nabuong *Strategic Intervention Material* (SIM) ay tunay na tumugon sa mga paksang nakapaloob sa ikalawang markahan. Ang mga nabuong aralin sa *Strategic Intervention Material* (SIM) na inihanda ay tunay na umaayon sa kung ano ang kasanayang nilalayong linangin sa mga mag-aaral na nasa ika-pitong baitang.

Sa mga datos na nakalap ukol sa balidasyong isinagawa, masasabing ang mga kalahok na mga eksperto, mga guro at mga mag-aaral ay lubusang sumasang-ayon na ang *Strategic Intervention Material* (SIM) na nabuo ay akma at epektibong gamitin para sa mga mag-aaral ng Grade-7. Napatutunayang ang suplementaryong kagamitang ito ay lubos na nakakatulong sa paglinang ng komprehensiyon ng mga mag-aaral mula sa iba't ibang teksto. Nagpapatunay rin ito na nakamit ng mga mag-aaral ang layuning pampagkatutong isinasaad ng Gabay Pangkurikulum ng kasalukuyang programa sa larangan ng Sistema ng edukasyon sa bansa.

Mula sa mga datos ukol sa kaugnayang pagkakaiba ng balidasyon ng tatlong pangkat ng mga kalahok, masasabing hindi magkalayo ang naging tugon ng mga kalahok. Ito ay nagpapahiwatig na mahalaga ang kagamitang pampagtuturo sa larangan ng edukasyon upang malinang ang kasanayang lilingin. Higit sa lahat, ito ay isang implikasyon na talagang angkop sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral ang kagamitang nabuo.

Sa kabuuan ng ginawang pagtataya ng mga mag-aaral, mga guro at mga eksperto, gayundin sa kanilang pagsagot sa pagsasanay masasabing ang mga nakapaloob na mga konsepto o teorya na sinaliksik sa mga aklat na may kaugnayan sa asignatura ay nakahihikayat sa mga mag-aaral na paunlarin ang kanilang kasanayan sa mapanuring pagbasa.

MGA REPERENSIYA

Alejo, C.T. (2011). *Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik*. C & E Publishing, Inc. https://books.google.com.ph/books/about/Pagbasa_at_Pagsulat_Tungo_Sa_Pananaliksi.html?id=eaW1tAEACAAJ&redir_esc=y

Cruz, M.L. (2009) "Linangan IV Wika at Panitikan" IBON Foundation Inc.

DO 42, s. 2016. Policy Guidelines on Daily Lesson Preparation for the K to 12 Basic Education Program. Retrieved from: <https://www.deped.gov.ph/2016/06/17/do-42-s-2016-policy-guidelines-on-daily-lesson-preparation-for-the-k-to-12-basic-education-program/>

DO 53, s. 2016. Lifting of the Moratorium on the Supplementary Reading, Reference, and other Instructional Materials and the Approved List of Supplementary Reading Materials. Retrieved from: <https://www.deped.gov.ph/2016/06/30/do-53-s-2016-lifting-of-the-moratorium-on-the-supplementary-reading-reference-and-other-instructional-materials-and-the-approved-list-of-supplementary-reading-materials/>

Garcia, G.N. (2009). Thesis "Paghahanada ng Modyul sa Paglinang ng mga Kasanayan sa Mapanuring Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Unang Taon ng Sekundarya"

Heinich, R., Molenda, M., Russel, J. D., & Smaldino, S. E. (2002). *Instructional media and technology for learning*. Pearson Education Ltd.

Lardizabal, M. (2008). Material Development in Language Teaching.

Remillard, J. T., & Heck, D. J. (2014). Conceptualizing the curriculum enactment process in mathematics education. *Zdm*, 46(5), 705-718. <https://link.springer.com/article/10.1007%2Fs11858-014-0600-4>

Rowntree, M.V. (2009). *Curriculum and instructional Methods in Elementary and Middle School* (7th ed.). Boston, MA: Pearson Education Inc.

Sayaboc, E. (2015). *K-12 Based Worktext in Araling Panlipunan for Grade 9: Its Acceptability* [Master's Thesis, Philippine Normal University]. Retrieved from <https://www.scribd.com/document/333716045/Pagtataya-saModularisasyon-ng-K-12-sa-Asignaturang-Filipino-Tungo-sa-Pagbuo-ng-Modelo-ngEbalwasyon-para-Kagamitang-Panturo-na-Tutugon-sa-Ika-21-Sig>

Todd, P.S. (2012). *Development and Evaluation of a Module for Individualised Self Directed Instruction at College Level*. Doctoral Dissertation, Dissertation Abstracts International, 33,4087 A. Retrieved from: <http://14.139.186.108/jspui/bitstream/123456789/16182/4/Chapter%20II.pdf>